

Ang Lungsod ng Brampton ay nakikipag-partner sa AccessNow para i-highlight ang naaakses na mga pasilidad ng Lungsod

BRAMPTON, ON (Agosto 8, 2022) – Nakikipag-partner ang Lungsod ng Brampton sa AccessNow para i-highlight ang naaakses na mga pasilidad ng Lungsod sa komunidad.

Ang Brampton ay isang Mosaic, at dedicated ang Lungsod sa pagtukoy sa mga oportunidad para dagdagan ang pagka-naaakses at ang malakas na pakiramdam na nabibilang para sa lahat. Ang AccessNow ay isang app na makukuha sa Google Play at sa Apple App Store na nagpapahintulot sa mga user na tuklasin ang higit sa 26,000 na naaakses at hindi naaakses na naka-pin na mga lokasyon sa 35 bansa sa buong mundo. Sa pamamagitan ng partnership na ito, magagawa ng mga residente na maghanap, i-rate at tuklasin ang naaakses na mga pasilidad ng Lungsod kabilang ang mga trail, park, recreation centre at marami pa.

Ang mga residente ay pwede ring maghanap, i-rate at tuklasin ang mga lokal na restawran, hotel, tindahan at mga atraksyon sa AccessNow. Ang mga negosyo sa Brampton ay hinihikayat na dagdagan ang kanilang impormasyon sa pagka-naaakses sa [dito](#).

Pagka-naaakses sa Brampton

Ang Lungsod at ang [Accessibility Advisory Committee](#) nito ay committed sa pagtiyak sa mga tao sa lahat ng edad at kakayahan na mag-enjoy sa kaparehong mga oportunidad habang sila ay naninirahan, nagtatrabaho, dumadalaw at namumuhunan sa Brampton. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagka-naaakses sa Lungsod, bisitahin ang www.brampton.ca.

AccessNow

Ang AccessNow ay isang mobile app at website na nagbabahagi ng impormasyon tungkol sa estado ng pagka-naaakses ng mga lugar sa buong mundo. Dinisenyo para bigyang kakayahan ang mga taong may kapansanan, ang platform ay humihingi ng mga rebyu at nakikipagtulungan sa mga may-ari ng negosyo para ilathala ang mga aspeto ng pagka-naaakses tulad ng naaakses na paradahan at mga banyo, elevator, ramp, walang amoy, tahimik na mga espasyo, at marami pa. para sa karagdagang espasyo, bisitahin ang www.accessnow.com.

Mga Quote

“Ang Brampton ay isang Mosaic, at dedicated ang Lungsod sa pagdadagdag sa pagka-naaakses at malakas na pakiramdam na nabibilang para sa lahat ng ating diverse na komunidad. Hinihikayat ko ang mga residente ng Brampton na i-download ang AccessNow app para saliksikin ang mga available na feature sa mga pasilidad ng ating Lungsod, at para i-rate ang ating mga pasilidad para patuloy tayong makapagtrabaho para madagdagan ang pagka-naaakses para sa lahat. Magkasama, patuloy tayong makapagtatayo ng mas nagsasali sa lahat na komunidad na naaakses ng tao ng lahat ng uri ng kapansanan.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Bilang kasapi ng Accessibility Advisory Committees ng Lungsod ng Brampton at ng Rehiyon ng Peel, patuloy akong proud sa ginagawa ng ating Lungsod para gawing mas naaakses at nagsasali sa lahat ang ating komunidad. Ang AccessNow ay isang magandang tool para maghanap, i-rate at tuklasin ang mga naaakses na mga pasilidad sa ating buong lungsod. Hinihikayat ko ang mga negosyo ng Brampton na idagdag ang kanilang impormasyon sa app, at ang mga residente na i-download ang app at saliksikin.”

- *Pat Fortini, Rehiyonal na Konsehal, Wards 7 at 8; Miyembro, Accessibility Advisory Committee ng Lungsod ng Brampton; Miyembro, Accessibility Advisory Committee ng Rehiyon ng Peel*

“Sa Lungsod ng Brampton, dedicated tayo sa pagpapasulong ng Termino ng Prayoridad ng Konseho: ang Brampton ay isang Mosaic, at upang tiyakin na ang mga tao sa lahat ng edad at kakayahan ay mararamdaman na tanggap at isinasali. Excited ang Lungsod na makipag-partner sa AccessNow para i-highlight ang naaakses na mga pasilidad sa ating komunidad, at magpapatuloy na tukuyin ang mga pagkakataon para dagdagan ang pagka-naaakses para sa ating mga residente.”

- *Paul Morrison, Interim Chief Administrative Officer, Lungsod ng Brampton*

“Sa AccessNow, ipinagmamalaki naming makipag-partner sa Lungsod ng Brampton para i-highlight ang pagka-naaakses ng lungsod para sa mga mamamayan at mga panauhin. Ang pagtutulungan na ito sa pagitan ng Lungsod, AccessNow at ng komunidad sa pangkalahatan ay isang napakalaking halimbawa ng liderato at pagtutulungan na dapat titingnan ng iba bilang inspirasyon sa kung paano mas masuportahan ang mga mamamayan na may kapansanan.”

- *Maayan Ziv, Founder & CEO, AccessNow*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapatigirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca